

Eklektik na Dulog sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Senior High School

Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research
Vol. 8 No.2, 22-26
May 2020 Part II
P-ISSN 2350-7756
E-ISSN 2350-8442
www.apjmr.com
ASEAN Citation Index

Joel Q. Mabalhin (EdD)¹, Jennifer U. Marbas (MAT)²

¹Visayas State University, Baybay City, Leyte;

²Sogod National High School, Sogod, Southern Leyte
joelqmabalhinbee7@gmail.com

Date Received: August 27, 2019; Date Revised: April 17, 2020

Abstract: Eclectic approach is a combination of any approaches and strategies. In this study, the eclectic approach refers to the process approach and metacognitive strategy. The objective of this study is to evaluate the writing skills of Grade 11 Senior High School Students who employed the traditional and eclectic approach. Two groups with fifteen (15) respondents each were being studied. Descriptive-comparative design was used. Experts from CHED and DepEd served as validators of the written output of the respondents based on five elements of writing; content, organization, vocabulary, usage and mechanics. These written outputs include position paper, bionote, reflective essay and other compositions. Results showed that the level of writing skills of students who utilized the eclectic approach is higher compared to their counterpart. This study suggests that eclectic approach enhances students' writing skills.

Abstrak –Layunin nitong pag-aaral ay makilala ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ng Grade 11 sa Senior High School. Ginamit ang Descriptive-Comparative Design para sa Tradisyunal at Eklektik na dulog ayon sa limang elemento ng pagsulat; nilalaman, organisasyon, bokabularyo, gamit at mekaniks. Binabatayan sa mga gawaing pasulat ang mga hinihinging sulatin ng Department of Education para sa Senior High School, katulad ng posisyong papel, bionote, replektibong sanaysay at iba pang komposisyon. May labinlimang (15) kalahok bawat pangkat. Sumangguni ang mananaliksik sa tatlong (3) dalubhasang mula sa iba't ibang lebel, may galing sa CHED at mayroong galing DepEd na mga guro na naging tagasuri at naglapat ng iskor sa bawat sulatin. Natuklasan, ayon na rin sa naging resulta sa paglikom ng datos na tumaas ang antas sa kasanayan sa pagsulat na ginagamitan ng Eklektik na dulog kaysa sa Tradisyunal na dulog. Ang Eklektik na dulog ay kombinasyon ng dulog at estratehiya, ito ay ang prosesong dulog at metakognitibong estratehiya. Iminumungkahi ng mananaliksik na gamitin ang Eklektik na Dulog upang mas malinang nang husto at lalong mapaganda ang pagbuo ng sulatin ng mga mag-aaral. Kaakibat ang nabuong awtput ng mananaliksik ay isang modyul, nawa'y maging gabay upang lalong mapagyabong ang bawat gawain sa pagbuo ng isang katha.

Mga susing salita - Eklektik na Dulog, Prosesong Dulog, Metakognitibong Dulog

INTRODUKSYON

Iba't ibang dulog mayroon na ginagamit sa pagtuturo upang lalong matugunan ang suliranin at pangangailangan ng mga mag-aaral. Gaya sa pag-aaral ni Suleman [1], at Kaur [2], kung saan ang naging kinalabasan ng kanilang pag-aaral ay pawang nakatutulong at epektibo ang eklektik na dulog sa kahandaan ng guro sa pagtugon ng pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Pinagsama ang metakognitibo at peer tutoring, kung saan ang resulta nito'y naging makabuluhan sa proseso ng pagkatuto

ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral na ito maging epektibo ang pagkatuto sa pamamagitan ng paggamit sa eklektikong dulog kung saan mula sa mga napiling estratehiya; ang proseso at metakognitibong estratehiya, ay pinag-isa.

Mula sa may-akda ng eklektik na dulog na si Rivers [3], sa eklektibong dulog ay malaya ang guro na gagamit ng bagong teknik, metodolohiya at estratehiya ayon sa kakayahan, kahandaan at pangangailangan ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Ito ay kailangang sapagkat sa araw-araw na

pagtuturo ng guro sa kanyang mag-aaral ay dapat handa, napapanahon at kompleto na may halong dedikasyon sa paggamit ng bagong inobasyon. Sa teroya ni Stern [4], ang tunay na kritisismo ng eklektisismo ay walang basehan kung anong patakarana sa pagpili galing sa iba't ibang dulog at estratehiya ang napiling kombinasyon.

Marami ang nagsasagawa ng pananaliksik gamit ang eklektik na dulog, mapa-Math, English Language, Social Sciences at Pagpapalano sa Business, kung saan pare-pareho ang kinalabasan ng pag-aaral na talagang epektibo ang paggamit sa dulog na ito. Sa pag-aaral na ginawa nina Kaur, Kohli, at Devi [5], upang malaman ang bisa ng iba't ibang estratehiya sa paglinang ng kakayahang pangmatematika gamit nito: multimedia, cognitive strategy at eclectic approach enhancing the mathematical skills of learning for disabled children. Ajere at Omula [6], "Effects of Tri-polar eclectic teaching approach on students' performance in Social Sciences", napatunayan na ang mga mag-aaral gamit ang tri-polar eclectic teaching approach ay mas epektibo at mataas ang resulta kumpara sa conventional method. Siddiqui [7], "Compared Direct, Communicative and Eclectic Approaches in ESL", napag-alaman na ang paggamit ng eclectic approach ay mas epektibo kung saan ang guro ay malayang gumamit ng "best techniques and strategies mula sa kilalang dulog.

Malaking bagay ito para sa mananaliksik sa paggamit ng eklektikong dulog upang matugunan ang kinahaharap na suliranin ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa kasanayang pag-sulat. Marami ang bilang ng mga mag-aaral na nagpapakita ng pagkayamot, kawalan ng pangganyak sa pagsulat, at kung minsan ay hirap na hirap pa sa pagbuo ng mga ideya. Ito ay bunga ng maling konsepto, proseso at mahinang estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat, Yamson [8].

Kaya, kailangan ang pag-aaral na ito gamit ang eklektik na dulog sa paglinang ng kasanayan sa mas pagsulat ng mga mag-aaral. Dahil limitado at may iilan lamang sa mga mananaliksik ang nagsasagawa ng ganitong pag-aaral gaya nina Pamong [9] at Baquial [10] kung saan pare-pareho ang kinalabasan sa kanilang pag-aaral na mababa ang antas ng mga mag-aaral sa prosesong pagsulat.

Sa ganitong kalikasan, naisip ng mananaliksik na kailangan iparanas ang **eklektikong dulog** kung saan kaagapay nito ang kombinasyon ng *proseso* at *metakognitibong estratehiya*. Ang prosesong dulog ay binubuo ng sumusunod na yugto: paggawa ng

burador, pag-eedit at paglilimbag. Ang metakognitibong estratehiya naman ay hayaan ang bawat indibiduwal sa pagtuklas ng kanilang kakayahan sa pamamagitan ng pagkilala ng kanilang sariling kamalian, Aurora [11].

Kombinasyon ng mg tekniks, metodolohiya, estratehiya at kapwa dulog, nang sa gayoon, mas kaakibat ang kalinangan ng mga mag-aaral sa pagpapa-unlad ng kanilang kaalaman, kasanayan at kakayahan, Draskovic [12]. Sa modernong panahon tinatayang kinakailangan maging mapanuri ang guro sa kanyang pagtuturo, Kailangan ng pokus ng mga mag-aaral ang nasabing paksa. Sa aklat ni Gonzalez [13], sa pagtuturo, kailangan handa ang tagahubog sa pagpili mula sa iba't ibang dulog or estilong kailangan para sa pagkatututo ng mga mag-aaral. Gaya ng eklektik na dulog, kung saan karaniwang kombinasyon ito mula dalawa o mahigit pang dulog at estratehiya na ginagamit sa pagtuturo. Nabanggit naman nina Lv at Chen [14], ang metakognitibong estratehiya ay isang kakayahan, mga pamamaraan at proseso nang malalim na pag-iisip ng mga mag-aaral na ginagamit sa pagkontrol ng kanilang kognisyon. Ang gawaing pasulat tulad ng portfolio, dyurnal, at iba pa ay isang epektibong paraan sa pagkilala ng mga mag-aaral sa kani-kanilang sariling kakayahan sa pagsulat. Pagkatapos makabuo sila ng isang sulatin at sa pamamagitan ng kanilang pagbabasa muli, magkakaroon sila ng rebisyon at editing hangga't mapaunlad ang kanilang nabuong katha.

SULIRANIN

Ang Layunin sa pag-aaral na ito ay makilala ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Grade 11 ng Sogod National High School na ginamitan ng eklektik at tradisyunal na dulog ayon sa nilalaman, organisasyon, bokabularyo, gamit at mekaniks. At alamin din kung may kabuluhang kaibahan ba ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na ginamitan ng dalawang pangkat ayon pa rin sa limang elemento sa pagsulat.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pag-aaral

Ginamit sa mananaliksik ang Descriptive-Comparative para sa pag-aaral na ito. Angkop ang desinyong ito sa pagsusuri sa kakayahan ng dalawang grupo o lebel ng mga kalahok.

Mga Tagasuri

Upang maging matagumpay ang paglikom ng datos, sumangguni ang mananaliksik sa mga gurong dalubhasa sa asignaturang Filipino. Ang mga tagasuri

ang nagrebyu at naglapat ng iskor sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral.

Kalahok

Ang mga respondents ay mula sa mga mag-aaral ng Grade 11 Senior High School ng Sogod National High School, Sogod, Southern Leyte. May 84 na populasyon ng mga mag-aaral sa GAS, ang 30 mga mag-aaral ang ginawang mga kalahok mula sa dalawang seksyon ng GA na strand para sa pag-aaral na ito. Ang paraan ng pagkuha ng mga kalahok ay *stratified sampling*, pinili ang mga kalahok batay sa resulta mula sa grado nila sa Filipino noong nasa Baitang 10 pa lamang sila. Kukuha ang mananaliksik ng tiglalabinlimang kalahok para sa dalawang pangkat. Tiglilimang kalahok ang napabilang sa above average na may 90% marka pataas, tiglilima naman mula sa mga mag-aaral na may 80-90% na napabilang sa average, at tiglilimang mag-aaral na nasa below average na may markang 79% pababa.

Instrumento ng Pananaliksik

Banghay-aralin na kinapapalooban ng sulatin ng mga mag-aaral ang ginamit ng mananaliksik bilang instrumento ng pag-aaral. Ginamit naman bilang kagamitan upang matugunan ang pangangailangan sa paglikom ng datos ay ang mga video clips. Mula sa mga video clips na ipinakita bumuo ang mga mag-aaral ng isang akademikong sulatin (refleksyon, talumpati, reflektibong sanaysay, bionote, posisyong papel, at ibang komposisyon) mula rito. Ang temang Kahirapan, Pagsulong ng Turismo, Tagumpay, Drug Addiction, OFW, Teenage Pregnancy, Aborsyon, Paniniwala sa Poong Maykapal, Makabagong Teknolohiya at Kalikasan ang ipapakita ng mananaliksik. Ang mga video clips na ipinakita ay may kaugnayan sa mga paksa na napapaloob sa mga aralin sa Grade 11 partikular sa GAS. Sa pagkilala sa kakayahan ng kalahok ginamit ng mananaliksik ang Rubriks ni Badayos [15] na siyang basihan ng mananaliksik sa pagbibigay ng puntos. Ang rubriks ay nirebisa upang mabigyang pokus ang mga aspeto sa kasanayan ng pagsulat.

Paraan ng pananaliksik

Ang pasulat na ng mga mag-aaral sa Grade 11 ng GAS ang sinuri ng mananaliksik. Pagkatapos makuha ang 10 video clips para sa pag-aaral na ito agad humanap ang mananaliksik ng mga tagasuri para sa pag-aaral. Ang tatlong tagasuri ay aatsang mgrerebyu at maglapat ng iskor sa mga nabuong katha ng mga

mag-aaral. Lahat ng mga mag-aaral ay bumuo ng refleksyon/komposisyon sa mga nakitang video clips na hindi kukulangin ng 150 na salita. Layunin nito ay parang makuha ang limang aspeto ng pagsulat (*nilalaman, organisasyon, bokabularyo, gamit at mekaniks*) na siyang bibigyang-diin sa pag-aaral. Labinlimang (15) para sa tradisyunal, at ang 15 mag-aaral naman ay para sa eklektik na dulog. Pareho ang tema o paksang ginamit, nagkaiban lamang ito sa paggamit ng instrumento at pagkalahad sa proseso at kagamitang panturo. Gamit ang *Eklektik na dulog* kung saan pinagsanib ang proseso at metakognitbo. Sa unang bahagi ng sulatin, ay nandoon na ang *proseso ng dulog* (raft draft), pagkatapos mabuo ang katha. Sa ikalawang araw isasauli ang katha sa mga mag-aaral upang bigyang pansin ang kabuuan ng katha mula sa 5 elemento ng pagsulat. Sa ganitong kaligiran nasa metakognitibo naman ang lebel na natutunguhan ng mga mag-aaral kung saan ang pagtuklas ng kanilang sariling kamalian at pagrebisa. Pagkatapos makabuo ng katha ang mga kalahok mula sa dalawang (2) grupo inihanda ng mananaliksik ang resulta na may karampatang marka upang irebyu at ibalideyt ng mga tagasuri ang mga akda na naayon sa rubriks.

Istatistikal na Pagsusuri

Upang matugunan ang suliranin sa pag-aaral na ito, ang mga nakalap na datos ay kailangang gamitan ng instrumentong istatistikal. Para sa unang suliranin (Ano ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Grade 11 na ginagamitan ng eklektik na dulog at tradisyuna na dulog ayon sa nilalaman, organisasyon. Bokabularyo, gamit at mekaniks?), ang ginamit na instrumentong istatistikal ay *Descriptive Statistics* para sa *mean* at *skewness*. *Mean* ang ginamit upang matukoy ang kabuuang resulta sa pagsulat at upang matukoy kung saan mababa o mataas ang iskor nila mula sa limang elemento ng pagsulat. *Skewness* iskor naman ay ang kabuuang sakop ng mga mag-aaral na nakakuha ng mataas na iskor batay na rin sa 5 elemento sa pagsulat kaya nagpahayag itong (-) negative skewed. Kapag mataas ang iskor sa mean ang skewness nito ay mababa ang number score, mas malaki naman ang number value nito. Sa ikalawang suliranin naman, (May makabuluhang kaibahan ba ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na ginamitan ng 2 dalawang pangkat ayon pa rin sa 5 elemento ng pagsulat?), ay ginamitan naman ng *T-test* sa *Mean* para sa 2 *Independent Sample*.

Paglalahad, Pagsusuri At Pagpapakahulgan

Sinuri sa bahaging ito ang Eklektik na Dulog sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Grade 11.

Talahanayan 1A. Descriptive Statistics ng mean at skewness sa kasanayan ng pagsulat na napabilang sa Eklektik na Dulog.

Elemento ng Pagsulat	Mean	Skewness (distribution of the data sets from the mean)
Nilalaman	3.807	-0.043
Organisasyon	3.716	-0.047
Bokabularyo	3.858	-0.047
Gamit	3.96	-0.179
Mekaniks	3.953	-0.003

Ang nilalaman ay may iskor sa mean na 3.807 kaya may skewness itong -0.043, ang organisasyon ay may 3.716 at -0.047 sa skewness, ang bokabularyo ay may mean iskor na 3.858 at -0.047 na skewness, ang gamit ay 3.96 kaya ang skewness ay -0.179, at ang mean ng mekaniks ay 3.953, kaya ang skewness ay -0.003. Nangangahulugan itong mataas ang iskor sa kasanayan ng pagsulat ng mga mag-aaral na ginamitan ng Eklektik na dulog kung kaya negatively skewed ang mga ito na may malaki na number value. Kapag mataas ang iskor na nakuha sa mean, ang skewness nito ay mababa ang iskor pro mas malaki ang number value. Malaking salik ang elemento ng nilalaman, organisasyon, bokabularyo, gamit at mekaniks sa pagbuo ng kahit anong uring komposisyon.

Talahanayan 1B. Descriptive Statistics ng mean at skewness ng pagsulat na napabilang sa Tradisyunal na dulog.

Elemento sa Pagsulat	Mean	Skewness (distribution of the data sets from the mean)
Nilalaman	2.289	-0.409
Organisasyon	2.384	-0.449
Bokabularyo	2.467	-0.089
Gamit	2.477	-0.069
Mekaniks	2.587	-0.140

Ang nilalaman ay may iskor sa mean na 2.289 kaya may skewness itong -0.409, ang organisasyon ay may 2.384 kaya may -0.449 ang skewness nito, ang bokabularyo ay may mean iskor na 2.467 at skewness na -0.089, ang mean naman ng gamit ay may 2.477 kaya ang skewness ay -0.069, at ang mekaniks ay may mean na 2.587 kaya ang skewness ay may -0.140. Malinaw ang pagpapakita sa resulta mula sa

Tradisyunal na dulog sa pagkuha ng mean at skewness. Naging mataas ang resulta ng eklektik na dulog halos sa lahat ng elemento batay sa pagkuha mula sa mean kaysa tradisyunal na dulog. Samantala, pagdating sa skewness, sa pangkat ng eklektik ba dulog, apat lamang na elemento ang nakakuha ng mas mataas na resulta maliban sa isang elemento, ang gamit, dahil mataas ang resulta ng tradisyunal na dulog ayon sa elementong gamit kaysa sa resulta mula sa eklektik na dulog. Ang resultang ito ay may kaugnayan sa pahayag ni Baquial na marami sa kanyang mga mag-aaral magaling mag-organisa, sa ideya ng nilalaman ng kwento sa pagbuo ng komposisyon. Sa katunayan, ang mga kabataan ngayon ay nahuhumaling sa watsapp, e-book, impluwensiya sa medya kung mas hamak na nagkakaroon ng ideya sila sa pagbuo ng bagong ideya, pag-organisa, maski sa makabagong bokabularyong ginagamit sa komposisyon.

Talahanayan 2, T-test para sa dalawang Independent Sample ayon sa Limang Elemento

Null Hypothesis	Test Statistics	Decision	Mean Difference
a. Nilalaman	-5.564**	Reject Ho	1.518
b. Organisasyon	-5.028**	Reject Ho	1.331
c. Bokabularyo	-4.972**	Reject Ho	1.391
d. Gamit	-5.329**	Reject Ho	1.483
e. Mekaniks	-4.467**	Reject Ho	1.367

**significant at 1%

Mayroong makabuluhang kaibahan ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na ginagamitan ng dalawang pangkat (tradisyunal at eklektik na dulog) ayon sa nilalaman, organisasyon, bokabularyo, gamit at mekaniks. Sa madaling salita, ang paglikom ng datos ay nagbibigay patunay na mas mainam gamitin para sa mga mag-aaral na ginagamitan ng eklektik na dulog kaysa sa tradisyunal ayon pa din sa limang elemento. Ang resultang ito ay may kaugnayan sa pahayag nina Lia at Wong, kaugnay pa rin sa pahayag ni Yamson, natuklasan nila na ang gawaing pasulat sa kasanayan ng mga mag-aaral ay nakalilalang lalo na sa mga pagsulat tulad ng nilalaman, organisasyon, bokabularyo at iba pa. Nagpapahiwatig ito na ang gawaing pasulat ay nararapat na ang mga guro ay magbibigay nang maliwanag at tumpak na pagwawasto upang magabayan ang mga mag-aaral upang magkakaroon ng kawilihan at madagdagan ang kaalaman at kawilihan sa proseso ng kasanayan sa pagsulat, maaaring magagamit nila sa mga gawaing

nangangailangan nang mataas na lebel ng pag-iisp o pag-uunawa.

“Dekalidad na Edukasyon”. Ito ang laging sigaw ng bawat indibiduwal. Bawat guro at institusyon ay nagnanais na matugunan. Ang dekalidad na edukasyon ay maaabot lamang kung malalaman ang mga salik na siyang makatutulong upang paunlarin ang performans ng mga mag-aaral. Ang gawain na ito ay responsibilidad ng guro. Dapat niyang malaman kung anu-ano ito nang sa ganoon ay makapagplano siya ng mga estratehiya at dulog na makapagbibigay daan tungo sa mas maunlad at epektibong resulta sa performans ng mga mag-aaral.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Natuklasan na ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, mula sa limang elemento ng pagsulat: nilalaman, organisasyon, bokabularyo, gamit at mekaniks ang resulta sa mean ng kasanayang pagsulat ay mas mataas ang iskor ng mga mag-aaral na ginagamitan ng eklektik na dulog kaysa tradisyunal. Samantala, sa skewness naman, parehong nakaabot ng mataas na number value (iskor) ang nilalaman, organisasyon, bokabularyo at mekaniks na ginagamitan ng eklektik na dulog kaysa tradisyunal maliban sa gamit kung saan mas mataas ang number values (iskor) na ginagamitan ng tradisyunal kaysa eklektik na dulog. Mayroong makabuluhang kaibahan ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na ginagamitan ng dalawang pangkat ayon sa nilalaman, organisasyon, bokabularyo, gamit at mekaniks. Sa paglikom ng datos, nagbibigay-patunay ang resulta na mas mainam gamitin sa kasanayan ng pagsulat ng mga mag-aaral na ginagamitan ng eklektik na dulog kaysa tradisyunal.

Ang eklektik na dulog ay nakatutulong sa pagpapaunlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa limang elemento ng pagsulat ang nilalaman, organisasyon, bokabularyo, gamit at mekaniks.

Bigyan-pansin ng mga guro ang pagpapalainang ng kasanayan ng pagsulat ng mga mag-aaral lalo na sa elementong nilalaman, organisasyon, bokabularyo, gamit at mekaniks. Mabisang gamitin ng mga guro lalo na sa Senior High School na mga guro ang Eklektik na dulog lalo na sa pagpapalainang ng akademikong sulatin. At bigyang-panisn din ang pag-aaral o pananaliksik sa pagpapalainang ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral.

SANGGUNIAN

- [1] Suleman, Q. (2016). Effects of Eclectic Approach on Students' Academic Achievement and Retention in English at Elementary Level. *Journal of Education and Practice*, Vol.7
- [2] Kaur, T., Kohli, T., Devi, T., (2014). Impact of Various Instructional Strategies for Enhancing Mathematical Skills of Learning Disabled Children. *J. Indian Association Child Adolescence Mental Health*, Vol, 4 (1), 16-19
- [3] Rivers, W., (1981). *Teaching Foreign Language Skills*. Second Edition. Chicago, University of Chicago Press
- [4] Stern, H., (1983). *Fundamental Concepts of Language Teaching*. Oxford University Press
- [5] Siddiqui, M. (2012). A Comparative Study of Direct, Communicative and Eclectic Approaches in Teaching ESL. *LITSEARCH*, Vol 2 (1), 8-12
- [6] Ajere, O., Omulua, O., (2010). Comparative Effects of Tri-polar Eclectic Teaching Approach on Students Academic Performance in Social Studies. *African Research Review*, Vol 4 (3b) 24-34
- [7] Siddiqui, M. (2012). A Comparative Study of Direct, Communicative and Eclectic Approaches in Teaching ESL. *LITSEARCH*, Vol 2 (1), 8-12
- [8] Yamson, E., (2017). *Metakognitibong Estratehiya sa Paglinang ng Kakayahang Pagsulat*. Di-nailathalang tesis. Southern Leyte State University
- [9] Paping, F., (2013). *Kahinaan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Katha sa Filipino*. Di-nailathalang tesis. Southern Leyte State University
- [10] Baquial, M., (2012). *Kalakasan at Karaniwang Kamalian sa Pagsulat ng Komposisyon sa Filipino*. Cebu Normal University, Cebu City
- [11] Aurora, C., (2013). *CAPE: A Metacognitive Strategy in Teaching Writing*. Di-nailathalang tesis. Cebu Normal University, Cebu City
- [12] Draskovic, S., (2014). *Theory of ECLECTICISM: Design past and present* Raffles International Institute. <https://www.slideshare.net/sandradraskovic/eclecticism-33883012>
- [13] Gonzalez, M., (1989). *Teaching Strategies in the Social Science for elementary Grade*. Katha Publishing Co. Inc. 388, Quezon Ave., Q. C. p. 29-30
- [14] Lv, F., (2010). *A Study of Metacognitive-strategies-based Writing Instruction for Vocational College Students*. www.ccsenet.org/elt English Language Teaching Vol. 3, No. 3
- [15] Badayos, P. B., (2014). *Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Mutya Publishing House, Valenzuela City

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).